Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 99-102**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, MGGL. JAIME R. FRESNEDI, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD UPANG PUMASOK SA KONTRATA PARA SA PROYEKTONG "OSPITAL NG MUNTINLUPA" SA D.L CERVANTES CONSTRUCTION SA HALAGANG ISANGDAAN APATNAPU'T SIYAM NA MILYON, TATLONGDAAN LIMAMPU'T ISANG LIBO, DALAWANGDAAN APATNAPU'T ANIM NA PISO (P149,351,246.00).**

* * * * * * * * * * * *

***Ipinanukala nina:*** Kon. Aldrin L. San Pedro
Kon. Raul R. Corro
Kon. Patricio L. Boncyao, Jr.
Kon. Jo Jason T. Alcaraz
Kon. Bal Niefes
Kon. Nicanor L. Echavez, MD
Kon. Victor L. Ulanday
Kon. Dante S. Almario
Kon. Elmer S. Espeleta
Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.
Kon. Lucio B. Constantino
Kon. Mario E. Bulay, Jr.
Kon. Artemio A. Simundac
Kon. Allan Rey A. Camilon

* * * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng proyektong ***"OSPITAL NG MUNTINLUPA,"*** na itatayo sa Civic Center, Filinvest-Alabang, Lungsod ng Muntinlupa, ay isa sa mga pangunahing Pagawaing Bayan ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay nagpalathala at nagpaskil ng Paanyaya sa Tawaran ayon sa itinatadhana ng batas sa pagpapagawa ng proyekto;

**SAPAGKAT,** sa Pampublikong Tawaran na ginanap noong **14 May 1999**, apat (4) na akreditadong kontratista ang nagsumite ng "bid." Ito ay ang mga sumusunod:

| CONTRACTOR | AMOUNT | VARIANCE | |
|---|---|---|---|
| | | *% to AAE* | *% to ALGUE* |
| **JBC Enterprises** | P159,042,806.36 | 1.06 | 1.05 |
| **JD Legaspi Construction** | 149,870,641.20 | 0.99 | 0.99 |
| **DL Cervantes Construction** | 149,351,246.02 | 0.99 | 0.98 |
| **NVA/Emerald Joint Venture** | 153,706,145.14 | 1.02 | 1.01 |

**SAPAGKAT,** ang halaga ng proyekto (batay sa **Approved Agency Estimate**) ay *Isangdaan Apatnapu't Siyam na Milyon, Siyamnaraan Siyamnapu't Tatlong Libo Tatlumpu't Dalawang Piso at 19/100* **(P149,993,032.19)** at ang **Allowable Local Government Unit Estimate (ALGUE)** ay *Isangdaan Limampu't Isang Milyon, Apatnaraan Siyamnapu't Dalawang Libo, Walongdaan Pitumpung Piso at 90/100* ***(P151,492,870.90);***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SAPAGKAT,** ang *halaga ng "bid"* na inialok ng kontratista (D.L CERVANTES CONSTRUCTION) na may pinakamababang tawad na mababa ng **.01%** sa **AAE** at **.02%** sa **ALGUE** *ay pawang nakatugon (responsive)*;

**SAPAGKAT,** matapos pag-aralan ang rekomendasyon ng ***Lupon ng Prekuwalipikasyon, Pagtatawaran at Paggagawad*** **(PBAC)** at masusing pagsisiyasat sa mga isinumiteng dokumento, pinagpasiyahan na pagtibayin ang proyekto at pahintulutan ang Pamahalaang Lungsod, sa pamamagitan ng Punonglungsod, Mgl Jaime R. Fresnedi, na pumasok sa kontrata sa D.L. Cervantes Construction sa halagang *Isangdaan Apatnapu't Siyam na Milyon, Tatlongdaan Limampu't Isang Libo, Dalawangdaan Apatnapu't Anim Na Piso* **(P149,351,246.00)**;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagtitibay ng ***Sangguniang Panlungsod*** ang pagpapagawa ng proyekto at binibigyan ng kapangyarihan ang **Punonglungsod, *Mggl.* Jaime R. Fresnedi** na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod upang pumasok sa kontrata para sa proyektong **"Ospital ng Muntinlupa"** sa D.L Cervantes Construction sa halagang Isangdaan Apatnapu't Siyam na Milyon,Tatlongdaan Limampu't Isang Libo, Dalawangdaan Apatnapu't Anim na Piso (P149,351,246.00)..

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **26 Mayo 1999,** sa ginanap na **ika-40 Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

***Mggl.* RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

***Mggl.* JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

***Mggl.* PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

***Pahina 3***
***Kapasiyahang Panlungsod 99-102***

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

***Dr.* NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sang. Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

***Mggl.* JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 6-1-99

norie

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196